# Paunawa ng mga Pamamaraang Pananggalang

Mga Karapatan ng mga Magulang at Bata sa Espesyal na Edukasyon sa Ilalim ng Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may mga Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act), Bahagi B, at Kodigo ng Edukasyon ng California (California Education Code).

## Nirebisa Hunyo 2022

Tandaan: Ang katagang distrito ng paaralan ay ginagamit sa kabuuan ng dokumentong ito upang ilarawan ang anumang ahensya ng pampublikong edukasyon na responsable sa pagkakaloob ng programa ng espesyal na edukasyon sa inyong anak. Ang katagang pagtatasa ay ginagamit upang mangahulugang pagsusuri o pagsusulit. Ang mga pederal na batas at batas ng estado ay binabanggit sa kabuuan ng paunawang ito gamit ang mga daglat sa Ingles, na ipinapaliwanag sa isang glosaryo sa katapusan ng paunawang ito.

### Ano ang Paunawa ng mga Pamamaraang Pananggalang?

Ang impormasyong ito ay nagbibigay sa inyo bilang mga magulang, legal na tagapag-alaga, at kahaliling magulang ng mga batang may mga kapansanan mula sa edad na 3 taong gulang hanggang sa edad na 21 taong gulang at ng mga estudyanteng nagka-edad na 18 taong gulang, ang pagiging nasa hustong gulang, ng pangkalahatang pananaw ng inyong mga karapatang pang-edukasyon o mga pamamaraan pananggalang.

Ang Paunawa ng mga Pamamaraang Pananggalang ay iniaatas sa ilalim ng Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may mga Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act [IDEA]) at dapat ibigay sa inyo:

- Kapag humingi kayo ng kopya nito
- Sa unang pagkakataong ini-refer ang inyong anak para sa pagtatasa sa espesyal na edukasyon
- Sa bawat pagkakataong binibigyan kayo ng plano ng pagtatasa upang suriin ang inyong anak
- Sa oras na matanggap ang unang reklamo sa estado o nararapat na proseso sa taon ng pasukan, at

- Kapag gumawa ng desisyon upang gumawa ng pagtatanggal na binubuo ng pagbabago sa pagtatalaga

(20 *Kodigo ng Estados Unidos (United States Code* [*USC*]*)* Seksyon 1415[d]; 34 *Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon (Code of Federal Regulations* [*CFR*]*)* Seksyon 300.504; Kodigo ng Edukasyon ng California (California *Education Code* [*EC*]*)* Seksyon 56301[d][2], *EC* Seksyon 56321, at *EC* Seksyon 56341.1[g] [1])

## Ano ang IDEA?

Ang IDEA ay isang pederal na batas na nag-aatas sa mga distrito ng paaralan na magkaloob ng "libreng naaangkop na pampublikong edukasyon" (“free appropriate public education” [FAPE]) sa mga karapat-dapat na batang may mga kapansanan. Ang isang libreng naaangkop na pampublikong edukasyon ay nangangahulugang ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo ay ipagkakaloob gaya ng inilalarawan sa programa ng pang-indibidwal na edukasyon (individualized education program [IEP]) at sa ilalim ng pampublikong pangangasiwa sa inyong anak na hindi ninyo kailangang bayaran.

## Maaari ba akong makibahagi sa mga desisyon tungkol sa edukasyon ng aking anak?

Kailangan kayong mabigyan ng pagkakataong makibahagi sa anumang pagpupulong para sa paggawa ng desisyon tungkol sa programa ng espesyal na edukasyon ng inyong anak. Mayroon kayong karapatang makibahagi sa mga pagpupulong ng pangkat ng IEP tungkol sa pagtukoy (pagiging karapat-dapat), pagtatasa, o pagtatalaga sa pag-aaral ng inyong anak at iba pang mga bagay na nauugnay sa FAPE ng inyong anak. (20 *USC* Seksyon 1414[d] [1]B–[d][1][D]; 34 *CFR* Seksyon 300.321; *EC* Seksyon 56341[b], at *EC* Seksyon 56343[c])

Ang magulang o tagapag-alaga, at lokal na ahensyang pang-edukasyon (local educational agency [LEA]) ay may karapatang makibahagi sa pagbuo ng IEP at upang simulan ang kanilang layon upang i-audiotape sa elektronikong paraan ang mga pamamaraan sa mga pagpupulong ng pangkat ng IEP. Hindi bababa sa 24 na oras bago ang pagpupulong, ang magulang o tagapag-alaga ay aabisuhan ang mga miyembro ng pangkat ng IEP ng kanilang layong irekord ang pagpupulong. Kung hindi pahihintulutan ng magulang o tagapag-alaga ang pagrerekord sa audiotape ng LEA ng pagpupulong ng IEP, hindi irerekord ang pagpupulong sa rekorder na audiotape.

Kabilang sa inyong mga karapatan ay ang impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng FAPE, kabilang ang lahat ng mga opsyon ng programa, at lahat ng mga makukuhang alternatibong programa na parehong pampubliko at hindi pampubliko. (20 *USC* mga

seksyon 1401[3], at 1412[a][3]; 34 *CFR* Seksyon 300.111; *EC* mga seksyon 56301, 56341.1[g][1], at 56506)

**Saan ako makakakuha ng higit pang tulong?**

Kapag kayo ay nag-aalala tungkol sa edukasyon ng inyong anak, mahalagang makipag-ugnayan kayo sa guro ng inyong anak o tagapangasiwa upang talakayin ang tungkol sa inyong anak at anumang mga problemang nakikita ninyo. Maaaring sagutin ng mga kawani sa distrito ng inyong paaralan o lugar ng lokal na plano para sa espesyal na edukasyon (special education local plan area [SELPA]) ang mga tanong tungkol sa edukasyon ng inyong anak, inyong mga karapatan, at mga pamamaraang pananggalang. Bukod dito, kapag mayroon kayong pag-aalala, ang di-pormal na pag-uusap na ito na nagbibigay ng impormasyon ay madalas na lumulutas sa mga problema at tumutulong sa pagpapanatili ng bukas na komunikasyon.

Maaaring kailanganin mo ring makipag-ugnayan sa isa sa mga organisasyon ng mga magulang sa California gaya ng Mga Sentrong Nagbibigay-Kapangyarihan sa Pamilya Pagdating sa Kapansanan (Family Empowerment Centers on Disability [mga FEC]) o sa Mga Sentro ng Pagsasanay at Impormasyon para sa Magulang (Parent Training and Information Centers [mga PTIC]) na matatagpuan sa buong estado. Ang mga organisasyong ito ay itinatag upang madagdagan ang kolaborasyon sa pagitan ng mga magulang at tagapagturo upang mapahusay ang sistemang pang-edukasyon at magkaloob ng impormasyon, pagsasanay, at mga karagdagang mapagkukunan para sa mga pamilya ng mga estudyante at mga nakababatang nasa hustong gulang na may mga kapansanan. Ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga organisasyong ito ay matatagpuan sa webpage na Mga Organisasyon ng mga Magulang para sa Espesyal sa Edukasyon sa California (Special Education California Parent Organizations) ng Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education [CDE]) sa https://www.cde.ca.gov/sp/se/qa/caprntorg.asp.

Ang mga karagdagang mapagkukunan ay nakalista sa katapusan ng dokumentong ito upang matulungan kayong maunawaan ang mga pamamaraang pananggalang.

**Paano kung hindi nakakarinig, nahihirapang makarinig, hindi nakakakita, may kapansanan sa paningin, o hindi nakakarinig at hindi nakakakita ang aking anak?**

Ang mga Espesyal na Paaralan ng Estado (State Special Schools) ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa mga estudyanteng hindi nakakarinig, nahihirapang makarinig, hindi nakakakita, may kapansanan sa paningin, o hindi nakakarinig at hindi nakakakita sa bawat isa sa tatlong pasilidad nito: ang California Schools for the Deaf [paaralan para sa mga hindi nakakarinig] sa Fremont and Riverside at sa California School for the Blind

[paaralan para sa mga hindi nakakakita] sa Fremont. Inaalok ang mga residensyal at pang-araw na programa sa estudyante mula sa pagkasanggol hanggang sa edad na 21 taong gulang sa parehong Mga Paaralan ng Estado para sa mga Hindi Nakakarinig (State Schools for the Deaf). Inaalok ang mga naturang programa sa mga estudyanteng nasa edad na 5 hanggang 21 taong gulang sa California School for the Blind. Nag-aalok din ang Mga Espesyal na Paaralan ng Estado ng mga serbisyo ng pagtatasa at teknikal na tulong. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Mga Espesyal na Paaralan ng Estado, mangyaring bisitahin ang webpage na Mga Espesyal na Paaralan ng Estado ng CDE sa https://www.cde.ca.gov/sp/ss/index.asp, o humingi ng impormasyon mula sa mga miyembro ng pangkat ng IEP ng inyong anak.

## Paunawa, Pahintulot, Pagtatasa, Appointment sa Kahaliling Magulang, at Akses sa mga Rekord

### Paunang Nakasulat na Paunawa

### Kailan kailangan ang paunawa?

Ang paunawang ito ay kailangang ibigay kapag ang distrito ng paaralan ay nagmumungkahi o tinatanggihan na simulan ang pagbabago sa pagtukoy, pagtatasa, o pagtatalaga sa pag-aaral ng inyong anak na may mga espesyal na pangangailangan o probisyon ng FAPE. (20 *USC* mga seksyon 1415[b][3] at (4), 1415[c][1], at 1414[b][1]; 34 *CFR* Seksyon 300.503; *EC* mga seksyon 56329 at 56506[a])

Kailangang ipaalam sa inyo ng distrito ng paaralan ang tungkol sa mga iminumungkahing pagsusuri sa inyong anak sa isang nakasulat na paunawa o isang plano ng pagtatasa sa loob ng 15 araw ng inyong nakasulat na kahilingan para sa pagsusuri. Ang paunawa ay kailangang maging nauunawaan at nasa inyong katutubong wika o iba pang uri ng komunikasyon, maliban kung malinaw na hindi posible ang gawin ito. (34 *CFR* Seksyon 300.304; *EC* Seksyon 56321)

### Ano ang ipapaalam sa akin ng paunawa?

Dapat isama ang mga sumusunod sa paunang nakasulat na paunawa:

1. Isang paglalarawan sa mga aksyong iminumungkahi o tinatanggihan ng distrito ng paaralan.
2. Isang paliwanag kung bakit iminumungkahi o tinatanggihan ang aksyon

3. Isang paglalarawan sa bawat pamamaraan ng pagtatasa, rekord, o ulat na ginamit ng ahensya bilang batayan para sa iminumungkahi o tinatanggihang aksyon
4. Isang pahayag na ang mga magulang ng batang may kapansanan ay may proteksyon sa ilalim ng mga pamamaraang pananggalang
5. Mga mapagkukunan na makokontak ng mga magulang upang makakuha ng tulong sa pag-unawa sa mga probisyon ng bahaging ito
6. Isang paglalarawan sa iba pang mga opsyong isinaalang-alang ng pangkat ng IEP at mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga opsyong iyon; at
7. Isang paglalarawan sa anumang iba pang mga salik na nauukol sa iminumungkahi o tinatanggihang aksyon. (20 *USC* mga seksyon 1415[b][3] at [4], 1415[c][1], at 1414[b][1]; 34 *CFR* Seksyon 300.503)

## Pahintulot ng Magulang

### Kailan kailangan ang aking pag-apruba para sa pagtatasa?

May karapatan kayong i-refer ang inyong anak para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon. Kailangan ninyong magbigay ng may-kabatiran at nakasulat na pahintulot bago maipagpatuloy ang unang pagtatasa ng inyong anak para sa espesyal na edukasyon. Ang magulang ay mayroong hindi bababa sa 15 araw mula nang matanggap ang iminumungkahing plano ng pagtatasa na makapagpasya. Maaaring agad na magsimula ang pagtatasa sa oras na matanggap ang pahintulot at kailangang makumpleto at mabuo ang isang IEP sa loob ng 60 araw ng inyong pahintulot.

### Kailan kailangan ang aking pag-apruba para sa mga serbisyo?

Kailangan ninyong magbigay ng may-kabatiran at nakasulat na pahintulot bago makapagkaloob ang distrito ng paaralan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa inyong anak.

### Anu-ano ang mga pamamaraan kapag hindi nagbigay ng pahintulot ang magulang?

Kung hindi kayo magbibigay ng pahintulot sa paunang pagtatasa o hindi nakatugon sa kahilingang magbigay ng pahintulot, maaaring ipagpursigi ng distrito ng paaralan ang

paunang pagtatasa sa pamamagitan ng paggamit ng pamamaraang nararapat na proseso.

Kung tatanggihan ninyo ang pahintulot sa pagsisimula ng mga serbisyo, hindi dapat magkaloob ang distrito ng paaralan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo at hindi maghahangad na magkaloob ng mga serbisyo sa pamamagitan ng mga pamamaraang nararapat na proseso.

Kung pahihintulutan ninyo sa paraang nakasulat ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo para sa inyong anak ngunit hindi pinahihintulutan ang lahat ng bumubuo sa IEP, ang lahat ng bahagi ng programang iyon na pinahintulutan ninyo ay dapat ipatupad nang walang pagkaantala.

Kung napagpasyahan ng distrito ng paaralan na ang bahagi ng iminumungkahing programa ng espesyal na edukasyon na hindi ninyo pinahihintulutan ay kailangan upang magkaloob ng FAPE sa inyong anak, kailangang masimulan ang pagdinig na may nararapat na proseso (due process hearing). Kung magsasagawa ng pagdinig na may nararapat na proseso, ang desisyon sa pagdinig ay magiging pinal at dapat sundin.

Sa kaso ng muling pagsusuri, kailangang isadokumento ng distrito ng paaralan ang mga makatwirang hakbang upang makuha ang inyong pahintulot. Kung hindi kayo tutugon, maaaring ipagpatuloy ng distrito ng paaralan ang muling pagsusuri nang wala ang inyong pahintulot. (20 *USC* mga seksyon 1414[a][1][D] at 1414[c]; 34 *CFR* Seksyon 300.300; *EC* mga seksyon 56506[e], 56321[c] at [d], at 56346).

### Kailan ko maaaring bawiin ang aking pahintulot?

Kung sa anumang pagkakataon pagkatapos ng unang pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo ay binawi ng magulang ng bata ang pahintulot sa paraang nakasulat para sa patuloy na pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, ang pampublikong ahensya ay:

1. Maaaring hindi ipagpatuloy ang pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa bata, ngunit kailangang magbigay ng patiunang nakasulat na paunawa alinsunod sa 34 *CFR* Seksyon 300.503 bago itigil ang mga naturang serbisyo.

2. Maaaring hindi gamitin ang mga serbisyo sa sub-bahagi E ng Bahagi 300 34 *CFR* (kabilang ang mga pamamaraan sa pamamagitan sa ilalim ng 34 *CFR* Seksyon 300.506 o ang may nararapat na proseso na mga pamamaraan sa ilalim ng Mga Seksyon 300.507 hanggang 300.516) upang makakuha ng kasunduan o kautusan na maaaring ipagkaloob ang mga serbisyo sa bata

3. Hindi ituturing na lumalabag sa iniaatas na gawing makukuha ang FAPE ng bata dahil sa hindi pagkakaloob sa bata ng karagdagang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo
4. Hindi kinakailangang pulungin ang pangkat ng IEP o bumuo ng IEP sa ilalim ng 34 *CFR* mga seksyon 300.320 at 300.324 para sa bata para sa higit pang pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo

Mangyaring tandaan na alinsunod sa 34 *CFR* Seksyon 300.9 (c)(3), na kung babawiin ng mga magulang ang pahintulot sa paraang nakasulat para makatanggap ang kanilang anak ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon pagkatapos unang mapagkalooban ang anak ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, ang pampublikong ahensya ay hindi inaatasang baguhin ang mga rekord na pang-edukasyon ng bata upang maialis ang anumang pagtukoy sa pagtanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo ng bata dahil sa pagbawi sa pahintulot.

## Appointment sa Kahaliling Magulang

### Paano kung hindi matukoy o mahanap ang magulang?

Dapat tiyakin ng mga distrito ng paaralan na may itinatalagang indibidwal upang kumilos bilang kahaliling magulang para sa mga magulang ng batang may kapansanan kapag hindi matukoy ang magulang at hindi matuklasan ng distrito ng paaralan ang kinaroroonan ng magulang.

Ang isang kahaliling magulang ay maaari ring hirangin kung ang bata ay isang kabataang walang tirahan na walang kasama, isang dumedepende o alagang pinagpasyahan ng hukuman sa ilalim ng Kodigo ng Kapakanan at Institusyon (Welfare and Institutions Code) ng estado at inire-refer sa espesyal na edukasyon o mayroon nang IEP. (20 *USC* Seksyon 1415[b][2]; 34 *CFR* Seksyon 300.519; *EC* Seksyon 56050; *Kodigo ng Pamahalaan (Government Code)* Seksyon 7579.5 at 7579.6)

## Pagtatasang Hindi Nagdidiskrimina

### Paano tinatasa ang aking anak para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon?

May karapatan kayong ipatasa ang inyong anak sa lahat ng aspeto ng pinaghihinalaang kapansanan. Ang mga materyal at pamamaraang ginamit para sa pagtatasa at pagtatalaga ay hindi dapat na nagdidiskrimina pagdating sa lahi, kultura, o kasarian.

Ang mga materyal sa pagtatasa ay kailangang ibigay at ang pagsusulit ay pinangangasiwaan sa katutubong wika o paraan ng komunikasyon ng inyong anak at sa paraang pinakamalamang na magbibigay ng wastong impormasyon tungkol sa kung ano ang alam at magagawa ng inyong anak sa pag-aaral, paglaki, at pagganap, maliban kung malinaw na hindi posibleng ibigay at pangasiwaan ito.

Walang iisang pamamaraan ang maaaring maging natatanging pamantayan sa pagpapasya ng pagiging karapat-dapat at pagbuo ng FAPE para sa inyong anak. (20 *USC* mga seksyon 1414[b][1]–[3], 1412[a][6][B]; 34 *CFR* Seksyon 300.304; *EC* mga seksyon 56001[j] at 56320)

## Mga Independiyenteng Pagtatasang Pang-edukasyon

### Sasagutin ba ng distrito ang gastos sa independiyenteng pagsusuri sa aking anak?

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa mga pagtatasang isinagawa ng distrito ng paaralan, may karapatan kayong humiling ng o makakuha ng independiyenteng pagtatasang pang-edukasyon para sa inyong anak mula sa isang taong kuwalipikadong magsagawa ng pagtatasa na sasagutin ng pamahalaan.

Ang magulang ay nararapat sa isang independiyenteng pagsusuring pang-edukasyon na sasagutin ng pamahalaan sa bawat pagkakataong magsasagawa ang pampublikong ahensya ng pagsusuring hindi sinasang-ayunan ng magulang.

Ang distrito ng paaralan ay kailangang tumugon sa inyong kahilingan para sa independiyenteng pagtatasang pang-edukasyon at pagkalooban kayo ng impormasyon tungkol sa kung saan makakakuha ng independiyenteng pagtatasang pang-edukasyon.

Kung ang distrito ng paaralan ay naniniwalang naaangkop ang pagtatasa ng distrito at hindi sumasang-ayon na kailangan ang independiyenteng pagtatasa, kailangang humiling ang distrito ng paaralan ng pagdinig na may nararapat na proseso upang mapatunayang naging angkop ang pagtatasa nito. Kung nanaig ang distrito, mayroon pa rin kayong karapatan sa independiyenteng pagtatasa ngunit hindi na ito magiging sagutin ng pamahalaan. Kailangang isaalang-alang ng pangkat ng IEP ang mga independiyenteng pagtatasa.

Ang mga pamamaraan sa pagtatasa ng distrito ay nagpapahintulot ng pag-obserba sa estudyante sa klase. Kung naobserbahan ng distrito ng paaralan ang inyong anak sa kanyang klase sa panahon ng pagtatasa, o kung mapapahintulutan sana ang distrito ng paaralan na obserbahan ang inyong anak, ang indibidwal na nagsasagawa ng

independiyenteng pagtatasang pang-edukasyon ay kailangan ding pahintulutang obserbahan ang inyong anak sa klase.

Kung ang distrito ng paaralan ay nagmumungkahi ng panibagong kapaligiran sa paaralan para sa inyong anak at isang independiyenteng pagtatasang pang-edukasyon ang isinasagawa, ang independiyenteng tagatasa ay kailangang pahintulutang obserbahan muna ang iminumungkahing panibagong kapaligiran. (20 *USC* mga seksyon 1415[b][1] at [d][2][A]; 34 *CFR* Seksyon 300.502; *EC* Seksyon 56329[b] at [c])

### Akses sa mga Rekord na Pang-edukasyon

#### Maaari ko bang pag-aralan ang mga rekord na pang-edukasyon ng aking anak?

May karapatan kayong siyasatin at pag-aralan ang lahat ng rekord na pang-edukasyon ng inyong anak nang walang hindi kinakailangang pagkaantala, kabilang ang bago makipagpulong tungkol sa IEP ng inyong anak o bago ang pagdinig na may nararapat na proseso. Ang distrito ng paaralan ay kailangang pagkalooban kayo ng akses sa mga rekord at kopya, kung hiniling, sa loob ng limang araw **na bukas ang tanggapan** pagkatapos gawin ang kahilingan nang pasalita o nakasulat. (*EC* mga seksyon 49060, 56043[n], 56501[b][3], at 56504)

## Paano Nareresolba ang mga Hindi Pagkakasundo

### Pagdinig na May Nararapat na Proseso

#### Kailan mayroong pagdinig na may nararapat na proseso?

May karapatan kayong humiling ng walang pinapanigang nararapat na prosesong pagdinig tungkol sa pagtukoy, pagtatasa, at pagtatalaga sa pag-aaral ng inyong anak o probisyon ng FAPE. Ang kahilingan para sa pagdinig na may nararapat na proseso ay kailangang ihain sa loob ng dalawang taon mula sa petsang nalaman o dapat nalaman ninyo ang tungkol sa diumanong aksyong nagiging batayan ng reklamong may nararapat na proseso. (20 *USC* Seksyon 1415[b][6]; 34 *CFR* Seksyon 300.507; *EC* mga seksyon 56501 at 56505[l])

## Pamamagitan at Alternatibong Resolusyon sa Hindi Pagkakasundo

### Maaari ba akong humiling ng pamamagitan o isang alternatibong paraan upang maresolba ang hindi pagkakasundo?

Maaaring gumawa ng kahilingan para sa pamamagitan bago o pagkatapos makagawa ng kahilingan para sa pagdinig na may nararapat na proseso.

Maaari ninyong hilingin sa distrito ng paaralan na resolbahin ang mga hindi pagkakasundo sa pamamagitan o alternatibong resolusyon sa hindi pagkakasundo (alternative dispute resolusyon [ADR]) na hindi gaanong nakikipaglaban kaysa sa pagdinig na may nararapat na proseso. Ang ADR at pamamagitan ay mga boluntaryong pamamaraan ng pagresolba ng hindi pagkakasundo at hindi maaaring gamitin upang ipaantala ang inyong karapatan sa pagdinig na may nararapat na proseso.

### Ano ang kumperensyang pamamagitan bago ang pagdinig?

Maaari kang humingi ng resolusyon sa pamamagitan bago maghain ng kahilingan para sa pagdinig na may nararapat na proseso. Ang kumperensya ay isang hindi pormal na paglilitis na isinasagawa sa isang paraang hindi nakikipaglaban upang maresolba ang mga isyung nauugnay sa pagtukoy, pagtatasa, o pagtatalaga sa pag-aaral ng isang bata o sa FAPE.

Sa kumperensya ng pamamagitan bago ang pagdinig, ang magulang o distrito ng paaralan ay maaaring masamahan o mapayuhan ng mga kinatawang hindi abogado at maaaring sumangguni sa isang abogado bago ang o pagkatapos ng kumperensya. Ngunit, ang paghiling o paglahok sa kumperensya ng pamamagitan bago ang pagdinig ay hindi kailangan para humiling ng isang pagdinig na may nararapat na proseso.

Ang lahat ng kahilingan para sa kumperensya ng pamamagitan bago ang pagdinig ay ihahain sa Superintendente ng Tanggapan ng mga Pampangasiwaang Pagdinig (Office of Administrative Hearings [OAH]). Ang panig na magsisimula ng kumperensya ng pamamagitan bago ang pagdinig sa pamamagitan ng nakasulat na kahilingan sa Superintendente ng OAH ay magbibigay sa kabilang panig ng pamamagitan ng kopya ng kahilingan sa parehong oras na inihain ang kahilingan.

Ang kumperensya ng pamamagitan bago ang pagdinig ay iiiskedyul sa loob ng 15 araw ng pagkatanggap ng Superintendente ng OAH ng kahilingan para sa pamamagitan at kukumpletuhin sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa pamamagitan maliban kung nagkasundo ang dalawang panig na palawigin ang panahon. Kung naabot ang resolusyon, maglalabas ang mga panig ng legal na dapat sunding nakasulat na kasunduan na magtatakda ng resolusyon. Ang lahat ng pag-

uusap sa panahon ng proseso ng pamamagitan ay magiging kumpidensyal. Ang lahat ng kumperensya ng pamamagitan bago ang pagdinig ang iiiskedyul sa oras at idaraos sa oras at lugar na makatuwirang kumbinyente sa mga panig. Kung hindi mareresolba ang mga isyu sa kasiyahan ng lahat ng panig, ang panig na humiling ng kumperensya ng pamamagitan ay may opsyong maghain para sa pagdinig na may nararapat na proseso. (*EC* mga seksyon 56500.3 at 56503)

## Mga Karapatan sa Nararapat na Proseso

### Ano ang aking mga karapatan sa nararapat na proseso?

May karapatan kayong:

1. Magkaroon ng patas at walang pinapanigang pampangasiwaang pagdinig sa harap ng isang taong may kaalaman sa mga batas na namamahala sa espesyal na edukasyon at pampangasiwaang pagdinig (20 *USC* mga seksyon 1415[f][1][A], at 1415[f][3][A]-[D]; 34 *CFR* Seksyon 300.511; *EC* Seksyon 56501[b][4])
2. Masamahan at mapayuhan ng isang abogado at/o mga indibidwal na may kaalaman tungkol sa mga batang may mga kapansanan (*EC* Seksyon 56505 [e][1])
3. Magprisinta ng ebidensya, mga nakasulat na argumento, at mga pasalitang argumento (*EC* Seksyon 56505[e][2])
4. Kumprontahin, tanungin, at atasan ang mga saksi ng kabilang panig na dumalo (*EC* Seksyon 56505[e][3])
5. Tumanggap ng nakasulat o, sa opsyon ng magulang, isang elektronikong rekord ng eksaktong sinabi sa pagdinig, kabilang ang mga natuklasan sa katotohanan at mga desisyon (*EC* Seksyon 56505[e][4])
6. Padaluhin ang inyong anak sa pagdinig (*EC* Seksyon 56501[c][1])
7. Ipabukas o ipasara sa publiko ang pagdinig (*EC* Seksyon 56501[c][2])
8. Tumanggap ng kopya ng lahat ng dokumento, kabilang ang mga pagtatasang nakumpleto sa petsang iyon at mga rekomendasyon, at listahan ng mga saksi at pangkalahatang aspeto ng kanilang testimonya sa loob ng limang (5) araw na bukas ang tanggapan bago ang pagdinig (*EC* mga seksyon 56505[e][7] at 56043[v])

9. Maipaalam ng ibang mga panig ang tungkol sa mga isyu at kanilang iminumungkahing resolusyon sa mga isyu nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagdinig (*EC* Seksyon 56505[e][6])
10. Mapagkalooban ng tagapagsalin sa wika (*Kodigo ng mga Regulasyon ng California (California Code of Regulations)*, Titulo 5 (5 *CCR*) Seksyon 3082[d])
11. Humiling ng pagpapalawig sa pagsasapanahon ng pagdinig (*EC* Seksyon 56505[f][3])
12. Magkaroon ng kumperensya ng pamamagitan sa anumang oras sa panahon ng pagdinig na may nararapat na proseso (*EC* Seksyon 56501[b][2]), at
13. Tumanggap ng paunawa mula sa kabilang panig ng hindi bababa sa sampung araw bago ang pagdinig na nilalayon ng kabilang panig na makatawanan ng isang abogado (*EC* Seksyon 56507[a]). (20 *USC* Seksyon 1415[e]; 34 *CFR* mga seksyon 300.506, 300.508, 300.512 at 300.515)

## Paghahain ng Nakasulat ng Reklamong May Nararapat na Proseso

### Paano ko hihilingin ang pagdinig na may nararapat na pagdinig?

Kailangan ninyong maghain ng nakasulat na kahilingan para sa pagdinig na may nararapat na proseso. Kailangan ninyo o ng inyong kinatawan na magsumite ng mga sumusunod na impormasyon sa inyong kahilingan:

1. Pangalan ng bata
2. Address ng tirahan ng bata
3. Pangalan ng paaralang pinapasukan ng bata
4. Sa kaso ng batang walang tirahan, ang magagamit na impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng bata at pangalan ng paaralang pinapasukan ng bata, at
5. Isang paglalarawan ng katangian ng problema, kabilang ang mga katotohanang nauugnay sa (mga) problema at iminumungkahing resolusyon sa (mga) problema

Iniaatas ng mga pederal na batas at batas ng estado na ang alinmang panig na maghahain ng pagdinig na may nararapat na proseso ay dapat magbigay ng kopya ng nakasulat na kahilingan sa kabilang panig. (20 *USC* mga seksyon 1415[b][7], at 1415[c][2]; 34 *CFR* Seksyon 300.508; *EC* Seksyon 56502[c][1])

Bago maghain ng pagdinig na may nararapat na proseso, ang distrito ng paaralan ay bibigyan ng pagkakataong resolbahin ang bagay na ito sa pamamagitan ng pagtitipon ng sesyon para sa resolusyon na isang pagpupulong sa pagitan ng mga magulang at ng mga kinauukulang miyembro ng pangkat ng IEP na may partikular na kaalaman sa mga katotohanan na tinukoy sa kahilingan para sa pagdinig na may nararapat na proseso. (20 *USC* Seksyon 1415[f][1][B]; 34 *CFR* Seksyon 300.510)

### Ano ang kasama sa sesyon para sa resolusyon?

Ang mga sesyon para sa resolusyon ay idaraos sa loob ng 15 araw ng pagtanggap ng paunawa ng kahilingan ng mga magulang para sa pagdinig na may nararapat na proseso. Magiging kasama sa mga sesyon ang kinatawan ng distrito ng paaralan na may awtoridad sa paggawa ng desisyon at hindi kasama ang abogado ng distrito ng paaralan maliban kung ang magulang ay sinasamahan ng isang abogado. Maaaring talakayin ng magulang ng bata ang isyu sa pagdinig na may nararapat na proseso at ang mga katotohanang nagiging batayan sa kahilingan para sa pagdinig na may nararapat na proseso.

Hindi kailangan ang sesyon para sa resolusyon kung nagkasundo ang magulang at ang distrito ng paaralan na ipagpaliban ang pagpupulong sa paraang nakasulat. Kung hindi naresolba ng distrito ng paaralan ang isyu ng pagdinig na may nararapat na proseso sa loob ng 30 araw, maaaring isagawa ang pagdinig na may nararapat na proseso. Kung naabot ang resolusyon, maglalabas ang mga panig ng legal na dapat sunding kasunduan. (20 *USC* Seksyon 1415[f][1][B]; 34 *CFR* Seksyon 300.510)

### Magbabago ba ang pagtatalaga sa aking anak sa panahon ng mga paglilitis?

Ang batang kabahagi sa anumang pampangasiwaan o hudisyal na paglilitis ay kailangang manatiling nasa kasalukuyang pagtatalaga sa pag-aaral maliban kung napagkasunduan ninyo at ng distrito ng paaralan ang iba pang kaayusan. Kung kayo ay nag-aaplay para sa unang pagpasok ng inyong anak sa pampublikong paaralan, ilalagay ang inyong anak sa programa ng pampublikong paaralan na may pahintulot ninyo hanggang sa makumpleto ang lahat ng paglilitis. (20 *USC* Seksyon 1415[j]; 34 *CFR* Seksyon 300.518; *EC* Seksyon 56505[d])

### Maaari bang iapela ang desisyon?

Ang desisyon sa pagdinig ay pinal at dapat sundin ng magkabilang panig. Maaaring iapela ng alinmang panig ang desisyon sa pagdinig sa pamamagitan ng paghahain ng aksyong sibil sa pang-estado o pederal na hukuman sa loob ng 90 araw ng pinal na

desisyon. (20 *USC* mga seksyon 1415[i][2] at [3][A], at 1415[l]; 34 *CFR* Seksyon 300.516; *EC* Seksyon 56505[h] at [k], *EC* Seksyon 56043[w])

**Sino ang magbabayad sa mga singil ng abogado?**

Sa anumang aksyon o paglilitis tungkol sa pagdinig na may nararapat na proseso, ang hukuman, sa pagpapasya nito, ay maaaring igawad ang mga makatuwirang singil ng abogado bilang bahagi ng mga gastos ninyo bilang magulang ng batang may kapansanan kung kayo ang mananaig na panig sa pagdinig. Ang mga makatuwirang singil ng abogado ay maaari ring gawin pagkatapos ng pampangasiwaang pagdinig na napagkasunduan ng mga panig. (20 *USC* Seksyon 1415[i][3][B]–[G]; 34 *CFR* Seksyon 300.517; *EC* Seksyon 56507[b])

Maaaring mabawasan ang mga singil kung mananaig ang alinman sa mga sumusunod na kondisyon:

1. Natagpuan ng hukuman na pinaantala ninyo nang hindi makatuwiran ang pinal na resolusyon ng kontrobersiya
2. Ang mga singil ng abogado kada oras ay humigit pa sa nananaig na singil sa komunidad para sa mga katulad na serbisyo ng mga abogadong may makatuwirang maihahambing na kasanayan, reputasyon, at karanasan.
3. Labis-labis ang oras na ginugol at ang mga legal na serbisyong ipinagkaloob, o
4. Ang inyong abogado ay hindi nagbigay sa distrito ng paaralan ng naaangkop na impormasyon sa paunawa ng kahilingan para sa nararapat na proseso.

Hindi mababawasan ang mga singil ng abogado, ngunit, kung natagpuan ng hukuman na hindi makatuwirang pinaantala ng Estado o distrito ng paaralan ang pinal na resolusyon ng aksyon o paglilitis o na nagkagkaroon ng paglabag sa seksyong ito ng batas. (20 *USC* Seksyon 1415[i][3][B]-[G]; 34 *CFR* Seksyon 300.517)

Ang mga singil ng abogadong nauugnay sa anumang pagpupulong ng pangkat ng IEP ay maaaring hindi igawad maliban kung nagpulong ang pangkat ng IEP bilang resulta ng paglilitis o hudisyal na aksyon sa pagdinig na may nararapat na proseso. Ang mga singil ng abogado ay maaari ring tanggihan kung tatanggihan ninyo ang makatuwirang alok na kasunduan ng distrito/pampublikong ahensya 10 araw bago magsimula ang pagdinig at ang desisyon sa pagdinig ay mas hindi paborable kaysa sa inaalok na kasunduan. (20 *USC* Seksyon 1415[i][3][B]–[G]; 34 *CFR* Seksyon 300.517)

**Upang makakuha ng higit pang impormasyon o para maghain para sa pamamagitan o pagdinig na may nararapat na proseso, makipag-ugnayan sa:**

[Office of Administrative Hearings
Attention: Special Education Division
2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200
Sacramento, CA 95833-4231
Telepono: 916-263-0880
Fax: 916-263-0890]

Maaari ring makipag-ugnayan sa OAH sa pamamagitan ng email gamit ang sistema ng Transmisyon ng Ligtas na e-File (Secure e-File Transmission [SFT]). Ang SFT ay maaaring matagpuan sa website ng OAH sa https://www.applications.dgs.ca.gov/OAH/oahSFTWeb

Disiplina sa Paaralan at mga Pamamaraan ng Pagtatalaga para sa mga Estudyanteng may mga Kapansanan

## Disiplina sa Paaralan at mga Pansamantalang Alternatibong Kapaligirang Pang-edukasyon

### Maaari bang masuspindi o mapatalsik ang aking anak?

Maaaring isaalang-alang ng kawani ng paaralan ang anumang katangi-tanging sitwasyon batay sa kaso kapag pinagpapasyahan kung ang pagbabago sa pagtatalaga ay naaangkop para sa isang batang may kapansanan na lumalabag sa kodigo ng mga gawi ng estudyante mula sa kanyang kinalalagyan patungo sa:

- Isang naaangkop na pansamantalang alternatibong kapaligiran sa pag-aaral, iba pang kapaligiran, o pagkakasuspindi ng hindi hihigit sa 10 magkakasunud-sunod na araw ng pasukan
- Mga karagdagang pagkakaalis na hindi hihigit sa 10 magkakasunud-sunod na araw ng pasukan sa parehong taon ng pasukan para sa mga hiwalay na insidente ng maling pag-uugali

### Ano ang mangyayari pagkatapos ng pagkakaalis ng mahigit sa 10 araw?

Pagkatapos maialis ang batang may kapansanan sa kasalukuyan niyang pagkakatalaga ng 10 araw ng pasukan sa parehong taon ng pasukan, sa panahon ng anumang mga susunod na araw ng pagkakaalis, ang pampublikong ahensya ay kailangang magkaloob ng mga serbisyo upang mapahintulutan ang batang patuloy na

makalahok sa pangkalahatang kurikulum na pang-edukasyon at pag-unlad tungo sa pagtugon sa mga mithiing itinakda sa IEP ng bata. Bukod dito, tatanggap din ang bata, kung naaangkop, ng isang pagtatasa sa punsyonal na pag-uugali at mga serbisyo at pagbabago sa interbensyon sa pag-uugali, na idinisenyo upang tugunan ang labag na pag-uugali nang sa gayon ay hindi na ito mangyari.

Kung lumampas ng 10 araw ang bata sa naturang pagtatalaga, kailangang magdaos ng isang pagpupulong ng pangkat ng IEP upang mapagpasyahan kung ang maling pag-uugali ng bata ay dulot ng kapansanan. Ang pagpupulong ng pangkat ng IEP na ito ay agad na kailangang idaos, kung posible, o sa loob ng 10 araw ng desisyon ng distrito ng paaralan na gumawa ng ganitong uri ng aksyong pandisiplina.

Bilang magulang, iimbitahan kayong lumahok bilang miyembro ng pangkat ng IEP na ito. Ang distrito ng paaralan ay maaaring atasang bumuo ng plano ng pagtatasa upang matugunan ang maling pag-uugali o, kung ang inyong anak ay mayroong plano ng interbensyon sa pag-uugali, pag-aralan at baguhin ang plano kung kailangan.

**Ano ang mangyayari kung nagpasya ang pangkat ng IEP na ang maling pag-uugali ay hindi dulot ng kapansanan?**

Kung napagpasyahan ng pangkat ng IEP na ang maling pag-uugali ay hindi isang pagpapamalas ng kapansanan ng bata, maaaring gumawa ng aksyong pandisiplina ang distrito ng paaralan, gaya ng pagpapatalsik, sa parehong paraang gagawin nito para sa isang batang walang kapansanan. (20 *USC* Seksyon 1415[k][1] at [7]; 34 *CFR* Seksyon 300.530)

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng pangkat ng IEP, maaari kayong humiling ng pinabilis na pagdinig na may nararapat na proseso na kailangang isagawa sa loob ng 20 araw ng pasukan mula sa petsang hiniling ninyo ang pagdinig. (20 *USC* Seksyon 1415[k][2]; 34 *CFR* Seksyon 300.531[c])

Anuman ang kapaligiran, kailangan patuloy na magkaloob ang distrito ng paaralan ng FAPE para sa inyong anak. Ang mga alternatibong kapaligiran sa pag-aaral ay kailangang pahintulutan ang batang patuloy na makilahok sa pangkalahatang kurikulum at matiyak ang pagpapatuloy ng mga serbsiyo at mga pagbabagong nakadetalye sa IEP. (34 *CFR* Seksyon 300.530; *EC* Seksyon 48915.5[b])

## Mga Batang Pumapasok sa Pribadong Paaralan

### Maaari bang lumahok ang mga estudyanteng inilagay ng magulang sa pribadong paaralan sa mga programa ng espesyal na edukasyon na pinopondohan ng pamahalaan?

Ang mga batang ipinatala ng kanilang mga magulang sa mga pribadong paaralan ay maaaring lumahok sa mga programa ng espesyal na edukasyon na pinopondohan ng pamahalaan. Kailangang sumangguni ng distrito ng paaralan sa mga pribadong paaralan at sa mga magulang upang mapagpasyahan ang mga serbisyong i-aalok sa mga estudyante sa pribadong paaralan. Bagaman ang mga distrito ng paaralan ay may malinaw na responsibilidad na mag-alok ng FAPE sa mga estudyanteng may mga kapansanan, ang mga batang iyon, kapag inilagay ng kanilang magulang sa mga pribadong paaralan, ay walang karapatang tumanggap ng ilan o lahat ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyong kailangan upang magkaloob ng FAPE. (20 *USC* Seksyon 1415[a][10][A]; 34 *CFR* seksyon 300.137 at 300.138; *EC* Seksyon 56173)

Kung ang magulang ng indibidwal na may mga katangi-tanging pangangailangan na dating tumanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa ilalim ng awtoridad ng distrito ng paaralan ay itinala ang anak sa isang pribadong paaralang elementarya o paaralang sekundarya nang walang pahintulot ng o referral ng lokal na ahensyang pang-edukasyon, hindi kinakailangang magkaloob ang distrito ng paaralan ng espesyal na edukasyon kung ginawa ng distrito na makukuha ang FAPE. Ang hukuman o opisyal ng pagdinig na may nararapat na proseso ay maaaring atasan ang distrito ng paaralan na ibalik ang ibinayad sa magulang o tagapag-alaga para sa gastos sa espesyal na edukasyon at pribadong paaralan kung natagpuan ng hukuman o opisyal ng pagdinig na may nararapat na proseso na hindi ginawang makukuha ng distrito ng paaralan ang FAPE sa bata sa tamang oras bago ang pagtatala na iyon sa pribadong paaralang elementarya o paaralang sekundarya at na naaangkop ang pagkakatalaga sa pribadong paaralan. (20 *USC* Seksyon 1412[a][10][C]; 34 *CFR* Seksyon 300.148; *EC* Seksyon 56175)

### Kailan maaaring mabawasan o matanggihan ang pagbawi sa ibinayad?

Maaaring bawasan o tanggihan ng hukuman o opisyal ng pagdinig ang pagbawi sa ibinayad kung hindi ninyo pinapunta ang inyong anak sa pagtatasa noong inabisuhan ng distrito ng paaralan bago alisin ang inyong anak sa pampublikong paaralan. Maaari ring itanggi sa inyo ang pagbawi sa ibinayad kung hindi ninyo ipinaalam sa distrito ng paaralan na tinatanggihan ninyo ang pagtatalaga sa espesyal na edukasyon na iminungkahi ng distrito ng paaralan, kabilang ang pagpapahayag ng mga pag-aalala at

layong ipatala ang inyong anak sa isang pribadong paaralan na sasagutin ng pamahalaan.

Ang inyong paunawa sa distrito ng paaralan ay kailangan ibigay:

- Sa pinakahuling pagpupulong ng pangkat ng IEP na dinaluhan ninyo bago alisin ang inyong anak sa pampublikong paaralan, o
- Sa paraang nakasulat sa distrito ng paaralan ng hindi bababa sa 10 araw na bukas ang tanggapan (kabilang ang mga araw ng kapistahan) bago alisin ang inyong anak sa pampublikong paaralan. (20 *USC* Seksyon 1412[a][10][C]; 34 *CFR* Seksyon 300.148; *EC* Seksyon 56176)

**Kailan hindi maaaring mabawasan o matanggihan ang pagbawi sa ibinayad?**

Hindi dapat bawasan o tanggihan ng hukuman o opisyal ng pagdinig ang pagbawi sa ibinayad ninyo kung hindi kayo nakapagbigay ng nakasulat na paunawa sa distrito ng paaralan para sa alinman sa mga sumusunod na dahilan:

- Pinigilan kayo ng paaralang magbigay ng paunawa
- Hindi ninyo natanggap ang kopya ng Paunawa ng mga Pamamaraang Pananggalang na ito o kaya ay hindi ipinaalam sa inyo ang iniaatas na abisuhan ang distrito
- Ang pagbibigay ng paunawa ay malamang na magresulta sa pisikal na pinsala sa inyong anak
- Ang kawalan ng kakayahang magbasa at magsulat at kawalan ng kakayahang magsulat sa Ingles ay pumigil sa inyong magbigay ng paunawa, o
- Ang pagbibigay ng paunawa ay malamang na magresulta sa malubhang emosyonal na pinsala sa inyong anak

(20 *USC* Seksyon 1412[a] [10] [C]; 34 *CFR* Seksyon 300.148; *EC* Seksyon 56177)

**Mga Pamamaraan ng Reklamo sa Estado**

**Kailan ako maaaring maghain ng reklamo hinggil sa pagsunod sa estado?**

Maaari kayong maghain ng reklamo hinggil sa pagsunod sa estado kapag naniniwala kayong nilabag ng distrito ng paaralan ang mga pederal o pang-estadong batas o regulasyon sa espesyal na edukasyon. Kailangang tukuyin sa inyong nakasulat na reklamo ang hindi bababa sa isang diumanong paglabag sa mga pederal at pang-

estadong batas sa espesyal na edukasyon. Ang paglabag ay kailangang nangyari ng hindi hihigit sa isang taon bago ang petsa kung kailan natanggap ng CDE ang reklamo. Kapag maghahain ng reklamo, kailangan mong ipadala ang kopya ng reklamo sa distrito ng paaralan sa parehong oras na naghain kayo ng reklamo sa CDE hinggil sa pagsunod sa estado. (34 *CFR* Seksyon 300.151–153; 5 *CCR* Seksyon 4600)

Ang mga reklamong nagsasaad ng mga paglabag sa mga pederal at pang-estadong batas o regulasyon sa espesyal na edukasyon ay maaaring ipadala sa:

[California Department of Education
Special Education Division
Complaint Support Unit
1430 N Street, Suite 2401
Sacramento, CA 95814]

Maaari rin ninyong i-email ang inyong reklamo sa speceducation@cde.ca.gov

Para sa mga reklamong may kinalaman sa mga isyung hindi sakop ng pederal o pang-estadong batas o regulasyon sa espesyal na edukasyon, sumangguni sa mga pamamaraan ng reklamo sa inyong distrito.

Upang makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa resolusyon sa hindi pagkakasundo, kabilang ang kung paano maghahain ng reklamo, makipag-ugnayan sa CDE, Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon (Special Education Division), Yunit ng Suporta sa Reklamo (Complaint Support Unit), sa pamamagitan ng telepono sa 800-926-0648; sa pamamagitan ng fax sa 916-327-3704; o sa pamamagitan ng pagbisita sa web page ng Espesyal na Edukasyon, CDE sa https://www.cde.ca.gov/sp/se/index.asp.

## Panukalang Batas ng Senado 511, Mga Sentrong Nagbibigay-Kapangyarihan sa Pamilya

### Kasaysayan

Ang Sentrong Nagbibigay-Kapangyarihan sa Pamilya Pagdating sa Kapansanan (Family Empowerment Center on Disability [mga FEC])) ay itinatag noong 2001 sa pamamagitan ng pagsasabatas ng Kabanata 690 ng mga Batas ng 2001 (Panukalang Batas ng Senado 511, Alpert), na isinabatas bilang *Kodigo ng Edukasyon (Education Code [EC]*) 56400-56415. Ang mga FEC ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa mga pamilyang may mga anak na may mga kapansanan na nasa edad na tatlo hanggang dalawampu't dalawa. Layon ng lehislatura ang tiyakin na ang mga magulang, tagapag-alaga, at pamilya ng mga bata at nakababatang nasa hustong gulang na may mga kapansanan ay may akses sa tumpak na impormasyon, espesyalisadong pagsasanay, at suporta ng mga may katulad na karanasan.

**Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan at Serbisyo ng FEC**

| Organisasyon | Mga Pinaglilingkurang County | Website |
|---|---|---|
| Sentrong Mapagkukunang Pampamilya ng Ability Path sa County ng San Mateo (Ability Path's Family Resource Center of San Mateo County) | San Mateo | https://www.smcfrc.org/ |
| Sentrong Mapagkukunang Pampamilya ng Alpha (Alpha Family Resource Center) | Santa Barbara | https://alphasb.org/ |
| Katangi-tanging Sentrong Mapagkukunang Pampamilya (Exceptional Family Resource Center [EFRC]) | Imperial, San Diego | https://efrconline.org/ |
| Samahan para sa mga Katangi-tanging Magulang (Exceptional Parents Unlimited [EPU]) | Fresno, Kings | https://www.epuchildren.org/ |
| Samahan para sa mga Katangi-tanging Magulang (Exceptional Parents Unlimited [EPU]) | Madera | https://www.epuchildren.org/ |
| Sentrong Mapagkukunan at Nagbibigay-Kapangyarihan na Nakatuon sa Pamilya (Family Focus Resource and Empowerment Center) | Hilagang Los Angeles (San Fernando, Santa Clarita, Antelope Valley) | https://csun.edu/family-focus-resource-center |
| Mga Tagagalugad ng Mapagkukunan ng | Alameda | https://familyresourcenavigators.org/ |

| Organisasyon | Mga Pinaglilingkurang County | Website |
|---|---|---|
| Pamilya (Family Resource Navigators) | | |
| SOUP ng Pamilya (Family SOUP) | Colusa, Sutter, Yuba | http://www.familysoup.org/ |
| H.E.A.R.T.S. Connection na Sentrong Mapagkukunan at Nagbibigay-Kapangyarihan sa Pamilya (H.E.A.R.T.S. Connection Family Resource Center and Empowerment Center) | Kern | http://www.heartsfrc.org/ |
| Sentrong Mapagkukunan ng Pamilya ng Heluna Health/Silangang Los Angeles (Heluna Health/Eastern Los Angeles Family Resource Center) | Los Angeles (Alhambra, Arcadia, Boyle Heights, City Terrace, Commerce, Silangang Los Angeles, Silangang Pasadena, El Sereno, Eagle Rock/Highland Park, La Habra Heights, La Mirada, Lincoln Heights, Montebello, Monterey Park, Mount Washington, Pico Rivera, Rosemead, San Gabriel, San Marino, South Pasadena, Santa Fe Springs, Temple City, Whittier) | https://www.helunahealth.org/partners/eastern-los-angeles-regional-family-resource-center/ |
| Matrix na Network at Sentrong Mapagkukunan ng mga Magulang (Matrix Parent Network & Resource Center) | Napa, Solano, Sonoma | https://www.matrixparents.org/ |
| Matrix na Network ng mga Magulang (Matrix Parent Network) | Marin | https://www.matrixparents.org/ |
| Korporasyong mga Magulang na Tumutulong sa Kapwa | Santa Clara | https://www.php.com/ |

| Organisasyon | Mga Pinaglilingkurang County | Website |
|---|---|---|
| mga Magulang (Parents Helping Parents, Inc.) | | |
| Korporasyong mga Magulang na Tumutulong sa Kapwa mga Magulang sa San Luis Obispo (Parents Helping Parents San Luis Obispo) | San Luis Obispo | http://www.phpslo.org/ |
| Sentrong Mapangkukunan ng Pamilya na Lugar para sa mga Magulang (The Parents' Place Family Resource Center) | Los Angeles (San Gabriel Valley, Pomona) | http://www.parentsplacefrc.com/ |
| Korporasyon ng mga Serbisyo sa Kanayunan ng Plumas (Plumas Rural Services, Inc.) | Lassen, Modoc, Plumas, Sierra | https://www.plumasruralservices.org/ |
| Pagbibigay-Kapangyarihan sa Pamilya ng Rowellsa Hilagang California (Rowell Family Empowerment of Northern California [RFENC]) | Butte, Glenn, Shasta, Siskiyou, Tehama, Trinity | https://rfenc.org/Home/ |
| Sentrong Panrehiyon sa Timog-Sentral ng Los Angeles (South Central Los Angeles Regional Center) (Sentrong Mapagkukunan ng Pamilya ng McClaney [McClaney Family Resource Center]) | Los Angeles (Timog Los Angeles kabilang ang: Watts, Leimert Park, Florence/Firestone, West Adams, Bell, Bell Gardens, Compton, Cudahy, Downey, Huntington Park, Lynwood, Maywood, Vernon, South Gate, North Carson, Gardena, Paramount) | https://sclarc.org/ |
| Samahan ng Mapagkukunan para | Monterey | https://specialkidsconnect.org/ |

| Organisasyon | Mga Pinaglilingkurang County | Website |
|---|---|---|
| sa mga Espesyal na Bata (Special Kids Connect) | | |
| Network ng Impormasyon para sa mga Magulang na may mga Espesyal na Anak (Special Parents Information Network [SPIN]) | San Benito, Santa Cruz | https://www.spinsc.org/ |
| Suporta para sa mga Batang may mga Kapansanan (Support for Families of Children with Disabilities) | San Francisco | https://www.supportforfamilies.org/ |
| Korporasyon ng Pangkat ng mga Tagapagtaguyod para sa mga Espesyal na Bata (Team of Advocates for Special Kids, Inc. [TASK]) | Orange | https://taskca.org/ |
| Korporasyon ng Pangkat ng mga Tagapagtaguyod para sa mga Espesyal na Bata (Team of Advocates for Special Kids, Inc. [TASK]) | Los Angeles (Artesia, Avalon, Bellflower, Carson, Cerritos, Harbor City, Harbor Gateway, Hawaiian Gardens, Hermosa Beach, Lakewood, Lomita, Long Beach, Manhattan Beach, Norwalk, Palos Verdes Estates, Rancho, Palos Verdes, Rolling Hills, San Pedro, Signal Hill, Torrance, Wilmington) | https://taskca.org/ |
| Korporasyon ng Pangkat ng mga Tagapagtaguyod para sa mga Espesyal na Bata (Team of Advocates for Special Kids, Inc. [TASK]) | Los Angeles (Signal Hill, Long Beach, Catalina Island) | https://taskca.org/ |

| Organisasyon | Mga Pinaglilingkurang County | Website |
|---|---|---|
| Korporasyon ng Pangkat ng mga Tagapagtaguyod para sa mga Espesyal na Bata (Team of Advocates for Special Kids, Inc. [TASK]) | Los Angeles (Lakewood, Silangang Lakewood, Hawaiian Gardens, Bellflower, Norwalk/Little Lake, Artesia, Cerritos) | https://taskca.org/ |
| Warmline na Sentrong Mapagkukunan ng Pamilya (Family Resource Center) | Alpine, El Dorado, Nevada, Placer, Sacramento, Yolo | http://www.warmlinefrc.org/ |
| Sentrong Mapagkukunan ng Pamilya sa Westside (Westside Family Resource Center) | Kanlurang Los Angeles | http://wfrec.org/ |

## Glosaryo ng mga Daglat na Ginamit sa Notipikasyong ito

ADR: Alternatibong Resolusyon sa Hindi Pagkakasundo (Alternative Dispute Resolution)

*CFR*: *Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon (Code of Federal Regulations)*

*EC*: *Kodigo ng Edukasyon ng* California *(*California *Education Code)*

FAPE: Libreng Naaangkop na Pampublikong Edukasyon (Free Appropriate Public Education)

FEC: Sentrong Nagbibigay-Kapangyarihan sa Pamilya Pagdating sa Kapansanan (Family Empowerment Center on Disability)

IDEA: Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may mga Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act)

IEP: Programa ng Pang-indibidwal na Edukasyon (Individualized Education Program)

PTIC: Sentro ng Pagsasanay at Impormasyon para sa Magulang (Parent Training and Information Center)

OAH: Tanggapan ng mga Pampangasiwaang Pagdinig (Office of Administrative Hearings)

SELPA: Lugar ng Lokal na Plano para sa Espesyal na Edukasyon (Special Education Local Plan Area)

*USC*: *Kodigo ng Estados Unidos (United States Code)*